

Ang kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos ay tumutukoy sa halaga na binubuo ng kabuuan ng (i) at (ii), na dinagdagan pa ng halagang mula sa kita sa pagreretiro na binawasan ng kinakailangang gastos at kita sa troso mula sa bundok na binawasan ng kinakailangang gastos.

※ Kung mayroong kita na binawasan ng kinakailangang gastos na sakop ng bukod na pagbubuwis batay sa sariling pagtataya, ang halagang isinasama ay ang kabuuang halaga ng mga nasabing kita (para sa pangmatagalang at (panandaliang) kita sa capital na binawasan ng kinakailangang gastos, ito ay ang halagang bago ang espesyal na pagbabawas).

- (1) Kabuuang halaga ng kita sa negosyo na binawasan ng kinakailangang gastos, kita sa real estate na binawasan ng kinakailangang gastos, kita sa pag-eempleyo na binawasan ng kinakailangang gastos, kita sa interes na binawasan ng kinakailangang gastos para sa komprehensibong pagbubuwis · Kita sa didibendo na binawasan ng kinakailangang gastos · panandaliang kita sa capital na binawasan ng kinakailangang gastos at iba't ibang kita na binawasan ng kinakailangang gastos (pagkatapos ng pagkokonsolida ng tubo at lugi)
- (2) Kalahati ng kabuuang halaga (Halaga pagkatapos ng pagkokonsolida ng tubo at lugi) ng pinagsamang pangmatagalang kita sa capital na binawasan ng kinakailangang gastos at minsanang kita na binawasan ng kinakailangang gastos para sa komprehensibong pagbubuwis.

Gayunman, kung tumatanggap ng aplikasyon ng pagdadala ng natitirang bawas para sa mga sumusunod na netong pagkalugi at iba pang mga pagkalugi, pagdadala ng natitirang bawas ng pagkalugi sa paglilipat kapag may pagpapalit ng tirahan o katulad na ari-arian, atbp., pagdadala ng natitirang bawas ng pagkalugi sa paglilipat ng partikular na tirahan o residensyal na ari-arian, pagdadala ng natitirang bawas ng pagkalugi sa paglilipat ng mga listed stock, atbp., pagdadala ng natitirang bawas ng pagkalugi sa paglilipat ng mga stock na inisyu ng partikular na maliit at katamtamang laki na subsidiarya at pagdadala ng natitirang bawas ng pagkalugi kaugnay ng pagkakaiba sa settlement ng future trading – ang tinutukoy ay ang halagang bago ipatupad ang mga nasabing aplikasyon.

Ang uri at nilalaman, atbp. ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos ay ang mga sumusunod.

1 Kita sa pag-eempleyo

- (1) Ang suweldo, sahod, pasahod, bayad bilang opisyal ng pamahalaan (tulad ng mga mambabatas) at mga bonus, pati na rin ang mga bayad na may katulad na katangian (kabilang ang mga natanggap bilang Part-timer o Arubaito) ay itinuturing na Kita sa pag-eempleyo.
- (2) Ang halaga ng kita sa pag-eempleyo ay ang natitirang halaga matapos ibawas ang halaga ng pagbabawas para sa kita sa pag-eempleyo mula sa kabuuang halaga ng kita sa suweldo. Sa partikular, ang halagang ito ay tinutukoy batay sa sumusunod na talahanayan.

Halaga ng kita sa suweldo	yen	(a)
Halaga ng kita sa suweldo (a)	Halaga ng kita sa pag-eempleyo	
1 yen pataas at 650,999 yen pababa		0 yen
651,000 yen pataas at 1,899,999 yen pababa	(a) - 650,000 yen	yen
1,900,000 yen pataas at 3,599,999 yen pababa	(a) / 4 (i-round down sa pinakamalapit na thousand yen) = (b) .,000 yen	(b) (b) x 2.8 - 80,000 yen yen
3,600,000 yen pataas at 6,599,999 yen pababa	(a) / 4 (i-round down sa pinakamalapit na thousand yen) = (b) .,000 yen	(b) (b) x 3.2 - 440,000 yen yen
6,600,000 yen pataas at 8,499,999 yen pababa	(a) x 90% - 1,100,000 yen	yen
8,500,000 yen pataas	(a) - 1,950,000 yen	yen

Kung makatanggap ka ng pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos at Pagbabawas para sa gastusing espesipikong itinakda, bawasan ang halaga ng pagbabawas mula sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa pag-eempleyo na ikinalkula.

- ※ Ang pagkalkula ng pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos ay ayon sa mga sumusunod.
- Kung ikaw ay nasa kalagayan sa (i) o (ii) sa ibaba, ang halaga ng pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos na nakuha sa paraan ng kalkulasyon na (i) o (ii) sa ibaba (o kabuuang halaga ng dalawa kung ikaw ay nasa kalagayan sa kapuwa (i) at (ii)), ay babawasan mula sa halaga ng kita sa pag-eempleyo sa taong iyon.
- Kung may fraction na kulang sa 1 yen sa halagang nakuha sa kalkulasyon sa halaga ng pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos, i-round up ang fraction na iyon.
- (i) Kung ang kabuuang halaga ng kita mo sa suweldo sa taong ito (kung tumatanggap ng suweldo mula sa mahigit sa dalawang pinagmulan, ito ay ang kabuuang halaga ng lahat) ay mahigit 8,500,000 yen at nasa kalaganyan ka ng A-C sa ibaba
 - A. Ikaw mismo ang taong may espesyal na kapansanan
 - B. Ang kabiya na nasa parehong kabuhayan o kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga ay taong may espesyal na kapansanan
 - C. Ang kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga ay wala pang 23 taong gulang

[Kalkulasyon] (Halaga ng kita sa suweldo(*) - 8,500,000 yen) x 10%
 * Gawing 10,000,000 yen kung mahigit 10,000,000 yen
 - (ii) Kung mayroon kang halaga ng suweldo pagkatapos ng pagbabawas sa kita sa pag-eempleyo, atbp., at halaga ng iba't ibang kita na binawasan ng kinakailangang gastos may kinalaman sa pampublikong pensiyon, atbp. sa taong ito, at mahigit 100,000 yen ang kabuuang halaga ng mga iyon

[Kalkulasyon] Halaga ng suweldo pagkatapos ng pagbabawas sa kita sa pag-eempleyo, atbp. (*) + Halaga ng iba't ibang kita na binawasan ng kinakailangang gastos may kinalaman sa pampublikong pensiyon, atbp. (*) - 100,000 yen
 * Gawing 100,000 yen kung mahigit 100,000 yen

2. Kita sa negosyo na binawasan ng kinakailangang gastos

- (1) Kasali sa kita sa negosyo na binawasan ng kinakailangang gastos ang kita na binawasan ng kinakailangang gastos mula sa negosyo sa agrikultura, pangingsda, pabrika, wholesale, retail, serbisyo at iba pang negosyo na patuloy na pinapatakbo na may kasamang perang kinikita.
- (2) Ang halaga ng kita sa negosyo na binawasan ng kinakailangang gastos ay ang natitirang halaga ng kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang mga gastusin.
- (3) Kasali sa kinakailangang mga gastusin ang cost of sales, gastos para sa pagbebenta, pangkalahatang gastos para sa pagmamantini, at iba pang gastos na kailangan para kumita sa mga negosyong binabanggit sa itaas.
- ※ Mayroong isang espesyal na probisyon na ang kabuuang halaga ng kinakailangang mga gastusin para sa kita sa negosyo na binawasan ng kinakailangang gastos at iba't ibang kita na binawasan ng kinakailangang gastos ng mga taong may trabaho na patuloy na naglalaan ng personal na serbisyo para sa espesipikong mga tao ("mga nagtatrabaho sa bahay, atbp."), gaya ng nagtatrabaho sa bahay, salesperson, nangongolekta ng pera, tagabasa ng metro ng kuryente, na itinalaga sa Home Work Act, ay maaprobahan hanggang sa 650,000 yen (nililimitahan ito hanggang sa halaga ng kita, at kung may iba pang kita sa pag-eempleyo, ito ay magiging natitirang halaga pagkatapos bawasan ng halaga ng pagbabawas sa kita sa pag-eempleyo.).

3. Iba't ibang kita na binawasan ng kinakailangang gastos

- (1) Kasali sa iba't ibang kita na binawasan ng kinakailangang gastos ang bayad para sa manuskrito, royalty, diskurso, performance o interes sa pagpapautang at iba pa na hindi kinikilala bilang kita sa negosyo na binawasan ng kinakailangang gastos, hindi maisasali sa iba pang kita gaya ng pensiyon batay sa kontrata ng life surance, atbp., at pampublikong pensiyon, atbp. gaya ng national pension, welfare pension, mutual aid pensiyon o kita at pensiyon para sa namatayan (hindi kasali rito ang lump-sum na pensiyon).
- (2) Ang halaga ng iba't ibang kita na binawasan ng kinakailangang gastos ay ang kabuuan ng sumusunod na A at B.
- A. Iba't ibang kita na binawasan ng kinakailangang gastos may kinalaman sa pampublikong pensiyon, atbp.: Natitirang halaga pagkatapos bawasan ng halaga ng pagbabawas sa pampublikong pensiyon, atbp.
- Makikita sa ibaba ang halaga ng pagbabawas sa pampublikong pensiyon, atbp. para sa halaga ng kita mula sa pampublikong pensiyon, atbp.
- (i) Halaga ng pagbabawas sa pampublikong pensiyon, atbp. para sa mga 65 taong gulang pataas
- ※ Ang mga nasa 65 taong gulang pataas ay yaong mga ipinanganak noong Enero1,1961 o mas maaga.

Halaga ng kita mula sa pampublikong pensiyon, atbp. (A)	Kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos may kinalaman sa kita na binawasan ng kinakailangang gastos maliban sa iba't ibang kita na binawasan ng kinakailangang gastos may kinalaman sa pampublikong pensiyon, atbp.		
	Pababa 10,000,000 yen	Mahigit 10,000,000 yen Pababa 20,000,000 yen	Mahigit 20,000,000 yen
Pababa 3,300,000 yen	1,100,000 yen	1,000,000 yen	900,000 yen
Mahigit 3,300,000 yen Pababa 4,100,000 yen	(A) x 25% + 275,000 yen	(A) x 25% + 175,000 yen	(A) x 25% + 75,000 yen
Mahigit 4,100,000 yen Pababa 7,700,000 yen	(A) x 15% + 685,000 yen	(A) x 15% + 585,000 yen	(A) x 15% + 485,000 yen
Mahigit 7,700,000 yen Pababa 10,000,000 yen	(A) x 5% + 1,455,000 yen	(A) x 5% + 1,355,000 yen	(A) x 5% + 1,255,000 yen
Mahigit 10,000,000 yen	1,955,000 yen	1,855,000 yen	1,755,000 yen

(ii) Halaga ng pagbabawas sa pampublikong pensiyon, atbp. para sa taong wala pang 65 taong gulang

Halaga ng kita mula sa pampublikong pensiyon, atbp. (A)	Kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos may kinalaman sa kita na binawasan ng kinakailangang gastos maliban sa iba't ibang kita na binawasan ng kinakailangang gastos may kinalaman sa pampublikong pensiyon, atbp.		
	Pababa 10,000,000 yen	Mahigit 10,000,000 yen Pababa 20,000,000 yen	Mahigit 20,000,000 yen
Pababa 1,300,000 yen	600,000 yen	500,000 yen	400,000 yen
Mahigit 1,300,000 yen Pababa 4,100,000 yen	(A) x 25% + 275,000 yen	(A) x 25% + 175,000 yen	(A) x 25% + 75,000 yen
Mahigit 4,100,000 yen Pababa 7,700,000 yen	(A) x 15% + 685,000 yen	(A) x 15% + 585,000 yen	(A) x 15% + 485,000 yen
Mahigit 7,700,000 yen Pababa 10,000,000 yen	(A) x 5% + 1,455,000 yen	(A) x 5% + 1,355,000 yen	(A) x 5% + 1,255,000 yen
Mahigit 10,000,000 yen	1,955,000 yen	1,855,000 yen	1,755,000 yen

- B. Iba't ibang kita na binawasan ng kinakailangang gastos maliban sa pampublikong pensiyon, atbp.: Halaga ng kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang mga gastusin
- * Ang espesyal na probisyon para sa kinakailangang mga gastusin ng mga nagtatrabaho sa bahay, atbp. ay katulad sa 2 (3)※.

4. Kita sa dibidendo na binawasan ng kinakailangang gastos

- (1) Kasali sa kita sa dibidendo na binawasan ng kinakailangang gastos ang pamamahagi ng sobra na tatanggapin ng shareholder at namumuhunan mula sa korporasyon, pamamahagi ng kita mula sa investment trust (na maliban sa public bond investment trust at public bond investment trust na iniaalok sa publiko).
- (2) Ang halaga ng kita sa dibidendo na binawasan ng kinakailangang gastos ay ang halaga pagkatapos bawasan ng interes sa utang na kinailangan para makuha ang prinsipal (hindi kasali rito ang may kinalaman sa kita sa capital, atbp. na binawasan ng kinakailangang gastos ng stock, atbp. na iyon sa mga interes sa utang para makuha ang stock, atbp.) mula sa halaga ng kita.
- (3) Sa mga kita sa dibidendo na binawasan ng kinakailangang gastos, ang sumusunod ay hindi kasali sa kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos.
- (i) Pamamahagi ng kita mula sa public bond investment trust na iniaalok sa pribado at special purpose trust (limitado sa bond-type beneficial interest) para sa bukod na withholding tax
- (ii) Sumusunod na piniling hindi i-tax return; (a) Dibidendo, atbp. mula sa listed stock, atbp. (kasali rito ang pamamahagi ng kita mula sa special stock investment trust.), (b) pamamahagi ng kita mula sa security investment trust na iniaalok sa publiko (hindi kasali rito ang special stock investment trust at bond investment trust.), (c) dibidendo, atbp. ng investment equity ng itinalagang korporasyon sa pamumuhunan, (d) pamamahagi ng kita mula sa security investment trust na iniaalok sa publiko (hindi kasali rito ang security investment trust, special stock investment trust, at bond investment trust na iniaalok sa publiko.), (e) pamamahagi ng kita mula sa special trust na nag-isyu ng sertipiko ng benepisyaryo na iniaalok sa publiko, (f) dibidendo ng sobra sa bond-type beneficial interest ng special purpose trust (limitado sa mga iniaalok sa publiko.), at (g) dibidendo, atbp. na maliban sa nabanggit sa itaas, na ang halaga ng bawat pamamahagi para sa bawat titulo ay mas mababa sa halagang ikakalkula sa pag-multiply ng 100,000 yen sa bilang ng buwan sa panahon kung kailan ikakalkula ang dibidendo (hanggang sa 12 buwan) at paghahati nito sa 12

5. Kita sa real estate na binawasan ng kinakailangang gastos

- (1) Ang kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa pagpapaupa ng mga gusali,lupa,karapatan na may kinalaman sa real estate,gayundin ng mga sasakyang-dagat at eroplano ay itinuturing na kita sa real estate na binawasan ng kinakailangang gastos.
- (2) Kasali rin sa kita sa real estate na binawasan ng kinakailangang gastos ang foregift at paunang bayad na matatanggap sa pagpapaupa ng real estate, bayad sa pag-renew ng kontrata, at bayad sa pagbabago ng pangalan. Subalit, depende sa mga kundisyon sa karapatang umupa ng lupa, atbp., maaaring ituring na kita sa capital na binawasan ng kinakailangang gastos at kita sa negosyo na binawasan ng kinakailangang gastos ang foregift at paunang bayad na matatanggap nang minsanan.
- (3) Ang halaga ng kita sa real estate na binawasan ng kinakailangang gastos ay ang natitirang halaga ng kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang mga gastusin.
- (4) Kasali sa kinakailangang mga gastusin ang gastos para sa pagmamantini, seguro sa bayad-pinsala, mga buwis at dapat bayaran, depreciation, at interes sa utang para sa real estate na nagpapaupa.

6. Kita sa pagrereitiro na binawasan ng kinakailangang gastos

- (1) Kasali sa kita sa pagrereitiro na binawasan ng kinakailangang gastos ang bayad allowance sa pagrereitiro, lump-sum na pensiyon at iba pang kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa lump-sum na suweldo dahil sa pagrereitiro ay itinuturing na kita sa pagrereitiro na binawasan ng kinakailangang gastos. Gayundin, mayroon ding mga lump-sum na bayad batay sa sistema ng social insurance, atbp na itinuturing na kita sa pagrereitiro na binawasan ng kinakailangang gastos.
- (2) Ang halaga ng kita sa pagreitiro ay kinakalkula ayon sa pag -uuri ng allowance ng pagreitiro, atbp na binayaran.

<<Halaga ng kita sa pagreitiro na binawasan ng kinakailangang gastos>>

Sa pag -uuri ng allowance ng pagreitiro	Halaga ng kita sa pagreitiro na binawasan ng kinakailangang gastos
Pangkalahatang allowance sa pagrereitiro, atbp.	(Halaga ng kita mula sa pangkalahatang allowance sa pagrereitiro, atbp. — Halaga ng pagbabawas para sa kita sa pagrereitiro na binawasan ng kinakailangang gastos) × 1/2
Panandaliang allowance sa pagrereitiro, atbp.	① Halaga ng kita mula sa panandaliang allowance sa pagrereitiro, atbp. — Halaga ng pagbabawas para sa kita sa pagrereitiro na binawasan ng kinakailangang gastos ≤ kung 3,000,000 yen (Halaga ng kita mula sa panandaliang allowance sa pagrereitiro, atbp. — Halaga ng pagbabawas para sa kita sa pagrereitiro na binawasan ng kinakailangang gastos) × 1/2
	② Halaga ng kita mula sa panandaliang allowance sa pagrereitiro, atbp. — Halaga ng pagbabawas para sa kita sa pagrereitiro na binawasan ng kinakailangang gastos > kung 3,000,000 yen 1,500,000 yen + { Halaga ng kita mula sa panandaliang allowance sa pagrereitiro, atbp. — (3,000,000 yen + Halaga ng pagbabawas para sa kita sa pagrereitiro na binawasan ng kinakailangang gastos)}
Tinukoy na allowance sa pagrereitiro ng opisyal, atbp.	Halaga ng kita mula sa tinukoy na allowance sa pagrereitiro ng opisyal, atbp. — Halaga ng pagbabawas para sa kita sa pagrereitiro na binawasan ng kinakailangang gastos

- (Paalala)
1. Ang mga pangkalahatang allowance sa pagrereitiro, atbp. ay tumutukoy sa mga allowance sa pagrereitiro, atbp. na hindi tumutugma sa mga panandaliang allowance sa pagrereitiro, atbp. at tinukoy na allowance sa pagrereitiro ng opisyal, atbp.
2. Ang panandaliang allowance sa pagrereitiro, atbp. ay mga allowance sa pagrereitiro, atbp. na natatanggap ng isang tao alinsunod sa tagal ng panandaliang serbisyo (kung saan ang haba ng serbisyo ay 5 taon o mas pababa kapag kinakalkula ng panahon ng serbisyo bilang isang taong hindi isang opisyal, atbp. Ang haba ng serbisyong ito ay kinakalkula sa pamamagitan ng pagsasama ng panahon ng paglilingkod bilang isang opisyal, atbp. kung mayroong ganoong panahon) maliban sa tinukoy na allowance sa pagrereitiro ng opisyal, atbp.
3. Ang isang tinukoy na allowance sa pagrereitiro ng opisyal, atbp. ay tumutukoy sa allowance sa pagrereitiro, atbp. na natanggap ng isang tao na ang haba ng serbisyo bilang isang opisyal, atbp. (mula dito ay tinutukoy bilang "haba ng paglilingkod bilang mga opisyal, atbp.") ay 5 taon o mas kaunti, ayon sa kanyang haba ng paglilingkod bilang mga opisyal, atbp.

<<Halaga ng pagbabawas para sa kita sa pagrereitiro na binawasan ng kinakailangang gastos>>

Bilang ng taon ng pagtatrabaho (A)	Halaga ng pagbabawas para sa kita sa pagrereitiro na binawasan ng kinakailangang gastos
Pababa 20 taon	400,000 yen x (A) (800,000 yen kung wala pang sa 800,000 yen)
Mahigit 20 taon	8,000,000 yen + 700,000 yen x ((A) - 20 taon)

(Paalala) Kapag ang tuwirang dahilan ng pagrereitiro ay pagiging taong may kapansanan, idaragdag ang 1,000,000 yen sa halagang ikinalkula sa itaas para sa halaga ng pagbabawas para sa kita sa pagrereitiro na binawasan ng kinakailangang gastos.

7. Kita na binawasan ng kinakailangang gastos na hindi kasali sa 1~6

- Kasali sa iba pang kita na binawasan ng kinakailangang gastos ang sumusunod.
- (1) Kita sa capital na binawasan ng kinakailangang gastos: kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa pagta-transfer ng mga ari-arian gaya ng lupa, gusali, makina, membership sa samahan sa golf, gold bullion, kaligrapya, paintings, at antigo.
- (Paalala) Ang kita sa capital na binawasan ng kinakailangang gastos ng mga kagamitang karaniwang kailangan sa pamumuhay(maliban sa mga mamahaling metal at iba pang bagay at ang mga likhang sining at sulatin na ang halaga ay mahigit sa 300,000 yen) ay hindi sakop ng buwis.
- (2) Kita sa troso mula sa bundok na binawasan ng kinakailangang gastos: kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa pagputol o pagta-transfer ng mga troso mula sa bundok (Maliban sa pagputol o pagta-transfer na ginawa sa loob ng 5 taon mula sa petsa ng pagkuha.)
- (3) Minsanang kita na binawasan ng kinakailangang gastos: Kita na binawasan ng kinakailangang gastos dahil sa premyo, perang napanalunan sa contest, premyo sa horse race at bicycle race (hindi kasali rito ang perang nabuo mula sa patuloy na gawain ukol sa pagkakaroon ng pakinabang.), lump-sum na bayad batay sa kotrata ng life insurance, atbp., perang bumalik dahil sa pagtatapos ng kontrata ng seguro sa bayad-pinsala, atbp., gantimpala sa pagkasumpong ng nawalang bagay, atbp.
- (4) Kita sa interes na binawasan ng kinakailangang gastos para sa komprehensibong pagbubuwis o bukod na pagbubuwis batay sa sariling pagtataya.
- (Paalala) Hindi nasasangkot sa kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos ang interes, atbp. para sa bukod na withholding tax. Hindi nasasangkot sa kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos ang interes, atbp. na para dito ay pinili na hindi i-tax return, sa mga interes may kinalaman sa itinalagang public bond na para sa bukod na pagbubuwis batay sa sariling pagtataya.
- (5) Kita sa dibidendo na binawasan ng kinakailangang gastos may kinalaman sa listed stock, atbp. na napapailalim sa bukod na pagbubuwis batay sa sariling pagtataya o pinili para sa ganoong uri ng pagbubuwis
- (Paalala) Hindi nasasangkot sa kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos ang dibidendo, atbp. na para dito ay pinili na hindi i-tax return.
- (6) Kita sa capital, atbp. na binawasan ng kinakailangang gastos may kinalaman sa general stock, atbp. o kita sa capital, atbp. na binawasan ng kinakailangang gastos may kinalaman sa listed stock na kuwalipikado sa bukod na pagbubuwis batay sa sariling pagtataya
- (Paalala) Hindi nasasangkot sa kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos ang kita, atbp. na binawasan ng kinakailangang gastos na para dito ay pinili na hindi i-tax return, sa mga kita, atbp. na binawasan ng kinakailangang gastos dahil as pagta-transfer ng listed stock, atbp. na ginawa sa pamamagitan ng account na pinili rito ang withholding.
- (7) Iba pang kita na binawasan ng kinakailangang gastos, atbp. may kinalaman sa future trading